

# Panawagan sa mga Tagasalin

Inaanyayahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mga nagsasalin sa Filipino at mga rehiyonal na lengguwaheng magpatala at sumali sa Translators Registry (TR).

Ang TR ay talaan ng mga tagasalin sa Filipinas na binubuo bilang paghahanda sa pagtatatag ng Kawanihan ng Pagsasalin. Layunin ng kawanihang maging kabalikat ng pambansang pamahalaan sa paghahatid ng serbisyo publiko at maitaguyod ang propesyonalisasyon ng mga tagasalin. Isa itong proyekto ng Sangay ng Salin ng KWF.

Para sa mga nais maging bahagi ng TR, ipadala ang inyong liham ng paglahok at curriculum vitae kina Dr. Benjamin M. Mendillo Jr. (sangaysalindirektoryo@gmail.com) at Dr. Miriam Cabila (miriam.cabila@yahoo.com). Maaari ding tumawag sa mga telepono bilang (02) 736-2525 lokal 107, o 09298765856 para sa karagdagang impormasyon.